



# Si Mia at ang Masayang Sabado

Marlo Dalope



Masayang nagising si Mia isang umaga ng Sabado habang pumapasok ang mainit na sinag ng araw sa kanyang bintana. May ngiti sa kanyang mga labi dahil alam niyang magiging produktibo at masaya ang kanyang araw.



Una niyang pinuntahan ang kanyang alagang aso sa bakuran upang bigyan ito ng masarap na pagkain. Kumahol ang aso at masayang ikinawag ang kanyang buntot bilang pasasalamat sa kanyang mapagmahal na amo.



Sunod namang pinakain ni Mia ang kanyang alagang ibon na nasa loob ng isang magandang hawla. Masayang humuni ang ibon na tila ba umaawit ng isang awit ng pasasalamat para sa ibinigay na butil ni Mia.



Pagkatapos niyang asikasuhin ang mga hayop, kinuha ni Mia ang walis tingting at sinimulang walisan ang mga tuyong dahon sa kanilang bakuran. Masigla siyang nagtatrabaho sa ilalim ng maaliwalas at asul na langit.



Lumabas ang kanyang nakababatang kapatid na si Sam upang tumulong sa mga gawaing bahay. Habang naglilinis si Mia sa labas, abala naman si Sam sa pagpupunas ng mga kagamitan at pag-aayos sa loob ng kanilang tahanan.



Inayos ni Sam ang mga silya sa sala nang may pag-iingat at dedikasyon. Napatingin siya sa kanyang ate at buong paghangang sinabi na napakasipag talaga ni Mia sa lahat ng kanyang ginagawa.



Nang matapos ang lahat ng kanilang mga gawain, nagniningning sa kalinisan ang buong bahay at ang malawak na bakuran. Nakaramdam ng malaking kagaanan ng loob ang magkapatid dahil sa bunga ng kanilang pagtitiyaga at pagkakaisa.



Bilang gantimpala sa kanilang pagod, sabay na naglaro ng sipa ang magkapatid sa likod ng kanilang bahay. Masaya silang nagpalitan ng sipa sa ilalim ng malabay at malamig na punong mangga na nagbibigay ng sariwang hangin.



Hindi alintana ang paglipas ng oras habang umaalingawngaw ang kanilang malakas na tawanan sa buong paligid. Naglaro sila nang naglaro hanggang sa magsimulang lumubog ang araw at maging kulay kahel ang buong kalangitan.



Sa pagtatapos ng araw, napagtanto ni Mia na ang tunay na kaligayahan ay matatagpuan sa sipag, pagtutulungan, at pagmamahalan ng bawat kasapi ng pamilya. Isang hindi malilimutang Sabado ito na nag-iwan ng mahalagang aral sa kanyang puso.